Balitang Manmin

BILANG 169  DISYEMBRE 4, 2016

# “Umaapaw ang Bunga ng mga Kasagutan at mga Biyaya!”

## Umani ng Mabuting Bunga ang mga Mananampalataya, Niluwalhati Nila ang Diyos


2


1



3


4

Umani ng mabubuting bunga sa kani-kanilang larangan ang mga miyembro ng iglesya, dahil panahon ngayon ng tag-ani, naluwalhati ang Diyos.

Noong Setyembre 8, tinanggap ni Kapatid Seungho Yim, ika-9 na baitang, ang espesyal na premyo sa National Students’ Music Competition na idinaos ng International Culture Art Educational Committee. Naging espirituwal ang pananampalataya niya nang makita niyang gumaling dahil sa panalangin ni Dr. Jaerock Lee ang kaibigan niya mula sa sakit na apektado ang mga ugat sa mata (squint), nagsimula ito pagkapanganak pa lang dito. Nagsimula siyang manalangin at damang-dama niya ang tulong ng Banal na Espiritu. Lumakas ang loob niya sa pagtugtog ng trombone, iginawad sa kanya ang espesyal na premyo (litrato 1).

Si Kapatid Youngchan Mun ay pumapasok sa Chungang University at miyembro rin siya ng Misyon para sa mga Kabataan. Sa unang semestro, nakakuha siya ng gradong A+ sa lahat ng aralin. Inilagay siya sa unang puwesto, at sa ikalawang semestro, naging iskolar na siya. Mula nang ipanganak, dinala na siya sa iglesya, pero nang nasa ika-6 na baitang na siya, at nagbinata, natukso siya ng kamunduhan. Sinabi niya, “Nakita ko ang pastol ko na kumakapit sa Diyos habang umiiyak para madala ang mga estudyante sa pinakamabuting tirahan sa langit, ang Bagong Jerusalem. Nagdesisyon akong gawin ang pinakamahusay na magagawa ko saan man ako naroon para mabayaran ang pagpapalang ito.” Sinunod niya ang serye ng sermon ni Dr. Lee tungkol sa “Mga Paraan sa Pag-aaral ng Mabuti,” Nakapasok siya sa unibersidad bilang iskolar (litrato 2).

Noong Setyembre 2, 2016, tumanggap ng parangal si Elder Nakhoong Seong, Punong Katuwang ng Manmin IP Law and Patent Attorney Firm sa ika-7 Korea Professional Awards na pinamunuan ng Korea Special Press Association. Nagbuksan siya ng isang kumpanya noong taong 2003 at nagbuo siya ng modernong teknolohiya na tinawag na IOU website. Pwede itong gamitin ng lahat ng walang bayad, kailangan lang nilang magrehistro sa IP-exchange sa pamamagitan ng paggamit ng mga function na mediation at analysis. Binigyan ng parangal ang kahusayan nito kaya ginawaran sila ng premyo. Masipag siya sa pagdalo sa pulong-panalanging Daniel at hinahangad niyang matupad ang kalooban at kaharian ng Diyos nang may matatag na kalooban.

Noong Setyembre 29, sumali sa kumpetisyon tungkol sa pagsusulat ang Punong Diakonesa Myungsuk Lee, Parokya 12. Ito ay tinawag na Ika-15 Kumpetisyon sa Pagsusulat ng Tula sa Korea na pinamumunuan ng Korea Poets Association. Tinanggap niya ang panalangin ni Dr. Lee na nakarecord sa Automated Response System. Napanalunan niya ang pinakamataas na parangal at tumanggap din siya ng parangal na Minister of Culture, Sports, and Tourism Award (litrato 4).

Napanalunan ang gintong medalya ni Diakono Daesung Kim, isang dating manlalaro ng badminton para sa bayan (ngayon ay nasa Suwon City Hall) sa President Flag National Professional Badminton Competition. Sinabi niya, “Nanaginip ako noong Setyembre 12. Sa panaginip, nakita ko ang Punong Pastor, nakipag ‘high five’ siya sa akin ng tatlong beses. Mas lumakas ang loob ko (litrato 5).”

Noong Setyembre 10, pinarangalan si Kapatid Hongkuk Lee, Parokya 28. Kinilala siya ng Minister of National Defense dahil sa pagkapanalo niya sa 10km marathon na tinawag na ‘Soldiers Marathon’ na idinaos ng National Defense Ilbo. Noong Setyembre 25, nanalo siyang muli sa ika-14 Cheongwon Life Race Daecheong lake Marathon, at noong Oktubre 23, napanalunan niya ang pangalawang pwesto sa ika-70 Chuncheon Marathon Competition. Ito ang pinakamalaking kaganapan sa marathon sa buong bansa (litrato 6).

Noong Setyembre 28-29, nanalo bilang pinakamabilis sa pagtakbo si kapatid na Jaeah Lee, ika-7 baitang, sa 100m, 200m, at 400m sa isang palaro na idinaos sa Bucheon Office of Education (litrato 7). At noong Setyembre 8, tumanggap ng espesyal na premyo si Kapatid Jihye Heo sa pinakahuling yugto ng Ika-10 Seoul Characterization High School Creative Idea Competition (litrato 8).

Kahit sino ay pwedeng makaranas ng dakilang pag-ibig ng Diyos na nagnanais na umani tayo ng masaganang bunga kapag nagpapakita tayo ng pananampalataya sa Kanya. Pupunuin Niya ang sukat ng katarungan sa kanya-kanyang larangan kapag tayo ay nagpapasalamat, nagagalak, at marangal.


5



6


7


8

# Dumanak ang Dugo at Tubig Mula sa Katawan ni Jesus



Punong Pastor Dr. Jaerock Lee

"Ngunit nang dumating sila kay Jesus at makitang patay na, ay hindi na nila binali ang Kanyang mga binti. Subalit tinusok ng sibat ng isa sa mga kawal ang Kanyang tagiliran at biglang lumabas ang dugo at tubig." (Juan 19:33-34)

Ang pagkakaroon ng kaalaman tungkol sa kalooban ng Diyos sa paghihirap ni Jesus ay makakatulong sa atin na mas maintindihan ang dakilang pag-ibig Niya para sa atin at magiging daan ito para mas mahalin natin Siya. Pag-aralan natin ang espirituwal na kahulugan kung bakit hindi binali ang mga binti ni Jesus at ang pagdanak ng dugo at tubig mula sa katawan Niya.

### 1. Ang Dahilan Kung Bakit Hindi Binali ng mga Sundalong Romano ang mga Binti ni Jesus

Pagkatapos ng matagal na pagdurusa sa krus, ang pinakamatinding klase ng pagpaparusa, itinungo ni Jesus ang Kanyang ulo at Siya ay namatay. Namatay Siya sa krus sa araw ng Biyernes at kinabukasan ay Sabbath na pinananatiling banal ng mga Judio. Hindi nila pwedeng iwan na nakabitin sa krus ang katawan Niya. Kaya hiniling ng mga Judio kay Pilato na tanggalin ang mga katawan ng mga kriminal na nakabitin sa krus (Juan 19:31).

Binali ng mga sundalong Romano ang mga binti ng mga kriminal sa magkabilang tabi ni Jesus para maialis nila ang mga bangkay nito. Pinapabilis ng pagbali ng mga binti ng mga kriminal ang kamatayan ng mga ito dahil hindi na masusuportahan ng mga binti ang bigat ng katawan nila. Pero napasin ng mga sundalong Romano na patay na si Jesus, kaya hindi na nila binali ang mga binti Niya.

Mababasa natin sa Mga Awit 34:19-20, "Marami ang kapighatian ng matuwid; ngunit inililigtas siya ng PANGINOON sa lahat ng mga iyon. Lahat nitong mga buto ay iniingatan Niya, sa mga iyon ay hindi nababali ni isa." Hindi makasalanan si Jesus kahit ipinasan Niya ang lahat ng kasalanan ng sangkatauhan at namatay sa krus. Inosente Siya, walang bahid, at matuwid, tiniyak ng Diyos na hindi babaliin ang mga binti nito.

Noong panahon ng Exodo, sa Mga Bilang 9:12 at Exodo 12:46, sinabi ng Diyos sa mga Israelita, "Kakainin nila iyon (tupa), ni huwag babaliin kahit isang buto nito." Sa buong Biblia, ang binabanggit na "tupa" ay sumisimbulo kay Jesus (Juan 1:29). Kaya iniutos ng Diyos na huwag baliin ang mga buto ng tupa. At ayon nga sa propesiya, hindi binali ang mga buto ni Jesus.

### 2. Ang Kalooban ng Diyos Tungkol sa Pagdanak ng Dugo at Tubig Mula sa Katawan ni Jesus

Binasa natin sa Juan 19:34, "Subalit tinusok ng sibat ng isa sa mga kawal ang Kanyang tagiliran at biglang lumabas ang dugo at tubig," Tinusok ng isang sundalong Romano ang tagiliran ni Jesus na pumanaw na.

Nakakakilabot tingnan si Jesus na nakabitin sa krus na may koronang tinik, punit-punit ang laman dahil sa hagupit ng latigo, at dumudugo ang mga kamay at paa kung saan tumusok ang mga pako. Mula sa tagpong ito, at dahil sa ginawa ng sundalong Romano, makikita natin kung gaano kasama ang tao, tinusok pa rin niya ng sibat ang tagiliran ni Jesus kahit pinatunayan na na pumanaw na Siya.

Ano ang espirituwal na kahulugan sa pagkakatusok sa tagiliran ni Jesus ng sibat at ang pagdanak ng dugo at tubig mula sa katawan Niya?

#### 1) Pinapatunayan nito na dumating si Jesus sa mundo sa katawang tao.

Sinasabi sa atin ng Juan 1:14 kung sino talaga si Jesus, "At naging tao ang Salita at tumahang kasama natin..." Sa madaling salita, nagkatawang tao si Jesus na Anak ng Diyos na espiritu, at pumunta dito sa mundo. Hindi ipinaglihi si Jesus sa pagsasama ng 'sperm' ng lalaki at 'egg' mula sa babae, sa halip ito ay sa pamamgitan ng Banal na Espiritu. Pero ipinanganak Siya sa katawan tao at dumaan Siya sa normal na proseso ng paglaki tulad ng isang tao. Dahil dito nararapat si Jesus na maging Tagapagligtas ng sangkatauhan dahil nasa Kanya ang mga tamang katangian. Ayon sa apat na katangian para maging Tagapagligtas ng sangkatauhan, dapat tao ang Tagapagligtas, hindi inapo ni Adan na nagkasala ng pagsuway, dapat may kapangyarihan Siyang mangingibabaw sa kaaway na diyablo, at dapat may sapat na pag-ibig Siya na handang magsakripisyo ng sariling buhay para sa ibang tao.

Ibig sabihin, dumating si Jesus dito sa mundo na may katawan, mga buto at laman, tulad natin. Nasaktan Siya nang hagupitin Siya ng latigo. Napagod, nauhaw, at nagutom Siya (Mateo 4:2; John 4:6). Para patunayan na dumating si Jesus dito sa mundo sa katawang tao, nakasulat sa Biblia: "Tinusok ng isa sa mga sundalo ang tagiliran Niya ng sibat, at dumanak ang dugo at tubig mula sa katawan Niya."

#### 2) Pinapatunayan nito na ang tao ay pwedeng magkaroon ng banal na likas.

Sa Mateo 5:48, sinasabi sa atin ni Jesus, "Kaya't kayo nga'y maging sakdal, gaya ng inyong Ama sa langit na sakdal," Ang Diyos mismo ay nagpaalala sa atin sa 1 Pedro 1:16, "Kayo'y maging banal, sapagkat Ako'y banal." At bukod dito, sa Filipos 2:5, hinihikayat tayo na magkaroon kayo sa inyo ng ganitong pag-iisip na na kay Cristo Jesus din naman," at sa 2 Pedro 1:4, "Gayon niya ipinagkaloob sa atin ang Kanyang mahahalaga at mga dakilang pangako upang sa pamamagitan ng mga ito ay makatakas kayo sa kabulukang nasa sanlibutan dahil sa masamang pagnanasa, at maging kabahagi kayo sa likas ng Diyos."

Kahit nagkatawang tao si Jesus tulad ng mga lalaki at babae, hindi Siya nagkasala, Siya ay banal. Naranasan Niya ang iba't ibang emosyon dahil mayroon din Siyang mga katangian ng tao, pero nabuhay Siya ayon sa katotohanan. Tulad ni Jesus, pwede rin tayong maging banal at perpekto, makibahagi sa banal na likas at tumutulad sa kalooban ni Jesu-Cristo.

Sinumang nagtitiwala sa Panginoon, nananalangin ng maalab, at nagsisikap ay maiiwaksi ang lahat ng kasalanan at kasamaan niya. Tatanggapin at mararanasan ng taong ito ang pagpapala at kalakasan ng Diyos at ang tulong ng Banal na Espiritu. Walang pwedeng magdahilan, "Nagawang magsulong ng banal na buhay ni Jesus dahil Anak Siya ng Diyos, pero dahil tao lang ako, hindi ko makakayang gawin iyon."

#### 3) Pinapatunayan nito na magkakaroon at tatamasa tayo ng tunay at walang hanggang buhay dahil sa dugo at tubig mula sa katawan ni Jesus.

Totoong mahalaga ang dugo ni Jesus, wala Siyang orihinal na kasalanan at hindi Siya nagkasala. Dahil sa mahalagang dugo ng ating si Jesus, pwede nating tanggapin ng may pananampalataya ang kapatawaran ng mga kasalanan natin para magkaroon ng buhay na walang hanggan. Bukod dito, sinisimbulo ng tubig ang 'Salita'; Kung palagi tayong makikinig ng Salita ng Diyos at susundin ito, maiiwaksi natin ang mga kasalanan at kasamaan sa buhay natin, magiging mas matuwid tayo.

Ang dugo at tubig na dumanak mula kay Jesus ay ang dugo at tubig na makapangyarihan na babago sa atin, ito ay buhay na magliligtas sa atin mula sa kamatayan. Ang pagtusok ng sibat sa tagiliran ni Jesus at pagdanak ng dugo at tubig Niya ay nagpapatunay na pinatawad tayo dahil kay Jesus. Mayroon tayong kalakasan para sundin ang Salita ng Diyos at magkaroon ng tunay na buhay.

Mahal kong mga kapatid kay Cristo, Nagalak at nagpasalamat si Jesus sa gitna ng Kanyang pagdurusa dahil inisip Niya ang kaligtasan ng napakaraming kaluluwa dahil dito. Tandaan natin na nagdusa si Jesus at dumanak ang lahat ng dugo at tubig Niya para iligtas tayo.

Idinadalangin ko sa pangalan ng Panginoon na matanto nawa natin ang pag-ibig ng Panginoon at panatiliin ito sa kaibuturan ng ating puso. Tanggalin natin ang mga kasalanan at kasamaan natin para mabilis nating maibalik ang nawalang wangis ng Diyos para tamasahin natin ang walang hanggang kagalakan at pagpapala sa maluwalhating kalangitan.

## Pahayag ng Pananampalataya

1. Naniniwala ang Manmin Central Church na ang Biblia ay Salita ng Diyos at ito ay perpekto at walang mali.
2. Naniniwala ang Manmin Central Church sa pagkakaisa at pagkilos ng Diyos sa Tatlong Persona: Diyos na Banal na Ama, Diyos na Banal na Anak, at Diyos na Banal na Espiritu.
3. Naniniwala ang Manmin Central Church na tayo ay mapapatawad sa ating mga kasalanan sa pamamagitan lamang ng pagtubos ng dugo ni Jesu-Cristo.
4. Naniniwala ang Manmin Central Church sa muling pagkabuhay at pag-akyat ni Jesu-Cristo sa Langit, sa Kanyang Pangalawang Pagbabalik, sa Milenyo, at sa walang hanggang Langit.
5. Ang mga miyembro ng Manmin Central Church ay nagpapahayag ng kanilang pananampalataya sa pamamagitan ng "The Apostles' Creed" o Credo ng Apostol sa bawat pagtitipon at pinaniniwalaan nila ang bawat isang salitang nakapaloob dito.

"Siya [Diyos] ang nagbibigay sa lahat ng tao ng buhay at ng hininga, at ng lahat ng bagay na ito." (Ang Mga Gawa 17: 25)

"Walang kaligtasan sa kanino pa man, sapagkat walang ibang pangalan sa ilalim ng langit na ibinigay sa mga tao na ating ikaliligtas." (Ang Mga Gawa 4: 12)

Tagalog
Balitang Manmin
Inilathala ng Manmin Central Church
Address: 29, Digital-ro 26-gil, Guro-gu, Seoul, Korea, 08389
Telepono: 82-2-818-7047 Fax: 82-2-818-7048
Website: http://www.manmin.org/english
www.manminnews.com
Email: manminen@manmin.kr
Tagapaglathala: Dr. Jaerock Lee Punong Patnugot: Geumsun Vin

# Bakit Hindi Nakatatanggap ng mga Sagot ang Ibang Tao Kahit Nakabukas ang Pintuan ng mga Kasagutan?

Nais ng Diyos na tumanggap ng mga kasagutan sa mga problema sa buhay ang mga minamahal na anak Niya at luwalhatiin Siya. Tinutulungan Niya silang matanto ang kalooban Niya sa pamamagitan ng pagkilos ng Banal na Espiritu. At para rin magkaroon sila ng espirituwal na pananampalataya dahil sa pagpapakita ng mga tanda at himala, at kapangyarihan. Binuksan Niya nang malaki ang pintuan ng pagpapala para sa atin, pero hindi pa rin tumatanggap ng kasagutan ang ibang tao. Bakit kaya? Pag-aralan natin ang mga nakatagong paraan sa pagtanggap ng mga kasagutan at mga pagpapala.

## *Ang unang dahilan ay hindi pa ninyo nakakamit ang kinakailangang sukat ng pananampalataya para tumanggap ng kasagutan*

Halimbawa, bukod sa pitong Espiritu, sinusukat din ng Diyos ang pitong aspeto – pananampalataya, kagalakan, panalangin, pagpapasalamat, pagsunod sa mga utos, katapatan, at pag-ibig. Bawat isa ay mayroong antas na dapat niyang makamit, dapat niyang abutin ang antas na ito.

Pero may mga taong hindi nananalangin o naglilingkod sa Diyos kahit may kakayahan silang gawin ito. At nanghihina ang kalooban nila kahit tungkol sa maliliit na bagay lang. Hindi nila sinusubukang magbago, hindi rin sila sumusunod sa mga utos ng Diyos. May mga naghihintay na lang ng kasagutan, hindi na kumikilos. Parang mga estudyante sila na hindi nag-aaral pero umaasang makakakuha ng mataas na marka.

Kung minsan, plano ng Diyos na bigyan ang mga tao ng espesyal na kasagutan at mga biyaya, pero hindi nila ito pinaghahandaan. Ibig sabihin, hindi nila pinaniniwalaan ang salita ng Diyos.

Tingnan natin kung wala o napakaliit ng pananampalataya natin, kaya nalulungkot ang Panginoon. Dapat lumago ang espiritu natin sa pamamagitan ng pagsunod sa gabay ng Banal na Espiritu, na sumasaliksik ng lahat ng bagay pati ang kalaliman ng Diyos (1 Mga Taga-Corinto 2:10; Efeso 4:13).

## *Ang pangalawang dahilan ay negatibo ang sinasabi ninyo*

Halimbawa, sinasabi sa Mga Taga-Roma 10:10, "...Sapagkat sa puso ang tao'y nananampalataya kaya't itinuturing na ganap, at sa pamamagitan ng bibig ay nagpapahayag kaya't naliligtas." Kung nagtitiwala tayo ng buong puso, lilinisin natin ang mga puso natin at susundin ang Salita para maging matuwid tayo. Nagpapakita ng pagsunod ang pagpapahayag na si Jesu-Cristo ang Tagapagligtas natin, nagpapatunay ito na nagtitiwala tayo sa Kanya.

Ang pananampalataya ng isang tao ay naririnig sa mga salitang lumalabas sa bibig niya. Sinabi ni Jesus sa Marcos 11:24, "Kaya nga, sinasabi Ko sa inyo, ang lahat ng bagay na iyong idalangin at hingin, paniwalaan ninyong tinanggap na ninyo at iyon ay mapapasainyo." Kung nananampalataya tayo kapag nananalangin tayo, hintayin natin ng may pagtitiyaga ang mga kasagutang darating. Kung natitiyak natin na tatanggapin natin ang sagot, maghihintay tayo sa kasagutan mula sa Diyos na magbibigay sa pinakatamang panahon.

Kung wala pa sa inyo ang ganitong klaseng katiyakan, manalangin kayo at maging positibo hanggang matuto kayo. Dapat ninyong hilingin ang espirituwal na pananampalataya, ang pananampalatayang mula sa puso. Ang pagtitiwalang tinanggap na ninyo ang inaasahang kasagutan. At kung pupunuin ninyo ang tamang sukat ng katarungan, darating agad ang sagot.

Kung sasabihin ninyo na hindi kayo sinagot, wala talaga kayong katiyakang tatanggapin ninyo ito sa simula pa lang. Ipinapakita nito na kulang ang pananampalataya ninyo. Iniisip ninyo na pwede kayong sagutin o hindi.

Kung negatibo ang sasabihin ninyo, mawawala ang lahat ng naipon ninyo, magsisimula ulit kayo. Kung nagrereklamo kayo at nabibigo, hindi kayo nagpapakita ng pananampalataya. Gusto ninyong tumanggap pero parang nagkataon lang, wala kayong tunay na pananampalataya.

Kung sa palagay ninyo matagal dumating ang kasagutan sa panalangin ninyo, suriin ninyo ang puso ninyo, alamin ninyo at punuin kung saan kayo nagkukulang. Kung positibo ang mga ipapahayag ninyo, kahit ang mga bagay na imposible ay mangyayari.

Halimbawa, may mga kasagutang dumadating agad, pero kung minsan, paisa-isa lang, at paunti-unting dumadating ang mga biyaya. May mga karamdaman at kahinaan din na dahan-dahan ang paggaling. Sa mga pangyayarng tulad nito, kung sasabihin ninyong dahan-dahan kayong pinapagaling ng Diyos, tatanggapin ng Diyos ito bilang pagpapahayag ng inyong pananampalataya sa Kanya. Kikilos Siya para lubos kayong pagalingin. Pananatilihin Niya kayong nasa mabuting kalagayan at ang mga biyayang ibibigay Niya sa inyo ay magpapatuloy, hindi lang isang beses.

## *Ang pangatlong dahilan ay hinuhusgahan ninyo ang inyong pastol*

Sa Biblia, may mababasa tayong mga pagkakataon kung saan pinapapanalangin ng Diyos ang mga mamamayan para sa mga biyaya. Ang mga hindi tumatanggap ng mga kasagutan sa sarili nilang pananalangin ay tatanggap ng sagot kapag mga lingkod ng Diyos ang hihiling ng mga biyaya para sa kanila.

Noong panahon ng matinding tagtuyot, hiniling ni Elias sa isang balo na gumawa ng tinapay sa natitira nitong harina at langis, hapunan sana nilang mag-ina ito. Ano kayang nangyari kung hinusgahan niya ang lingkod na ito ng Diyos at sinabing, "Bakit kaya hindi na nahiya ang lingkod na ito ng Diyos?" Malamang kung tumanggi siya, hindi niya naranasan ang kamangha-manghang himalang hindi nauubos ang harina at langis sa mga lalagyan nito hanggang sa matapos ang tagtuyot (1 Mga Hari 17).

Maling husgahan o hatulan ang ibang mananampalataya, at mas malala pa at hindi mapapatawad na husgahan ang pastor na nagpapakita ng mga himala, tanda, at kababalaghan sa tulong ng kapangyarihan ng Diyos. Sa Mga Bilang 12, nagkaroon ng ketong si Miriam pagkatapos niyang husgahan si Moises, ang taong kasama ng Diyos.

May mga miyembro na natutulog habang may sermon dahil hindi sila naniniwala o may mga makalaman na saloobin. Hindi nila naririnig ang mga mensahe tungkol sa mga biyaya. Kung nanghuhusga o nanghahatol kayo, umaasa ako na matatanto ninyo kung gaano kasama ito, magsisi kayo. Kung magsisisi kayo, tatanggapin ninyo ang mga biyayang ibinibigay ng Diyos sa lahat.

# "Tumanggap Ako ng Pinakamalaking Premyo sa Patente ng Ideyang Mula sa Diyos"



Punong Katuwang, Manmin IP & Law and Patent Attorney Elder Nakhoon Seong, 57 taong gulang, Parokya 12, Manmin Central Church

Noong Setyembre 2, 2016, ibinigay sa akin ang pinakamalaking premyo sa ika-7 Korea Professional Awards sa larangan ng patente. Idinaos ito sa International Conference Room ng Sentro ng Palimbagan. Nagpamigay ng mga premyo ang Korea Special Press Association sa mga eksperto sa 18 larangan kabilang ang politika at pamamahala.

Sa napakaraming tanggapan na nagpapatente kung saan kabilang ang napakalaking opisina ng Manmin IP & Law and Patent Firm, nakuha nito ang pinakamalaking premyo. Nakapagbuo kasi sila ng sistema ng pagtulong sa patas na pagnenegosyo batay sa pagtitiwala at impormasyon tungkol sa pandaigdigang pagpapatente. Ito ang pinakauna sa buong mundo.

Nang makita ko na nagsusulong ang Punong Pastor Dr. Jaerock Lee ng buhay na karapat-dapat tularan, kabutihang ayon sa Salita sa Biblia, at nakita ang kapangyarihan ng Diyos sa pamamagitan niya, nahikayat akong magsulong ng masigasig na buhay bilang Cristiano. Noong Mayo 2015, dahil sa walang katapusang pagmamahal at sakripisyo niya, naging espirituwal ako.

Noong Agosto 31, pagkalipas ng tatlong buwan, may isang misteryosong pangyayaring naganap sa pulong-panalanging Daniel. Tulad ng dati, idinalangin ko ang negosyo ko. Bigla kong naisip tumulong o mamagitan sa pandaigdigang pagkuha ng patente. Nakaroon ako ng ideya tungkol sa paraan para masuri ang malalaking datos.

Isinulat ko ito, pag-uwi ko, sinubukan ko agad gawin sa computer. Nakakabigla, nagkaroon ng mahalagang solusyon tungkol sa pagsusuri ng lahat ng transaksyon na may kinalaman sa patente sa buong mundo.

Wala akong alam tungkol sa malalaking datos at estatistika, pero madali kong nasuri ang datos. Nakakamangha, hindi ko maipaliwanag. Wala akong maisip na paliwanag sa ideyang ito kundi ito ay dahil sa pagpapala ng Diyos at kapangyarihan ng Banal na Espiritu.

Noong Setyembre 2, 2015, nagrehistro ako para ipatala ang patente ng binuo kong sistema. At pagkatapos ng isang taon, noong Setyembre 2, 2016, tumanggap ako ng pinakamalaking premyo sa pagpapatente. Hallelujah!

Nagbitiw ako sa kauna-unahan kong trabaho sa Korean Intellectual property Office at umasa sa mga biyayang nagmumula sa Diyos 13 taon na ang nakaraan. Nagbukas ako ng isang opisina na may kinalaman sa pagpapatente sa isang maliit na lugar na may sukat na 13.22sm. Gusto kong taos-pusong magpasalamat sa Punong Pastor na umaliw at nanalangin para sa akin. Nagpapasalamat din ako sa mga lingkod ng Manmin International Patent Office.

Higit sa lahat, lahat ng pagpapasalamat at luwalhati ay para sa Diyos na buhay. Sumasagot Siya ayon sa sukat ng pananampalataya natin.




Kasama ang mga lingkod ng Manmin IP Law and Patent Firm

# "Dumadating ang mga Sagot ayon sa Kapangyarihan at Biyaya ng Diyos! Nagagalak Ako!"



Elder Vincent Chan, 51 taong gulang, Tokyo Manmin Church, Japan, at ang asawa niyang si Kapatid Esther Sim

Nagtatrabaho ako sa TFK Corporation, may kinalaman ang negosyong ito sa pagkain. Mayroon itong 20,000 trabahador sa buong mundo. Ako ay taga-Singapore at naglilingkod bilang Bise Presidente sa isang sangay kung saan mayroong humigit-kumulang 1,600 trabahador. Marami akong binibisitang lugar sa buong mundo.

Nabalitaan ko ang tungkol sa Manmin Central Church mula sa asawa kong si Kapatid Esther Sim. Pinakinggan ko ang mga sermon ni Dr. Jaerock Lee at binasa ko ang mga libro niya.

Noong Enero 2011, habang nagtatrabaho ako sa Saudi Arabia sa loob ng apat na taon, pinakinggan ko ang mga pagtuturo ni Dr. Jaerock Lee tungkol sa Genesis at Pahayag, at ang mga sermon niya tungkol sa 'Kabanata ng Pag-ibig'. Binasa ko rin ang mga libro niyang *Langit; Ang Sukat ng Pananampalataya; Spirit, Soul, and Body; Ang Mensahe ng Krus;* at *Hell*. Nasagot lahat ng mga katanungan ko tungkol sa Biblia, nagalak ako.

Noong Oktubre 2014, nadestino ako sa Narita International Airport sa Japan. Ikinuwento ng asawa ko sa akin ang Tokyo Manmin Church, kaya pinuntahan ko. Naantig ang damdamin ko dahil sa mainit na pagtanggap sa akin ni Pastor Byeongran Choi. Dinaluhan ko ang lahat ng pagsamba at nagsimulang manalangin. Lumago ang pananampalataya ko habang pinapakinggan ang mga mensahe ni Dr. Lee sa GCN. Nagboluntaryo akong magturo ng Ingles sa mga estudyante at umawit sa choir. Naghanap ako kung anong pwede kong itulong sa gawain ng Diyos, masaya kong ginawa ang mga ito.

Natanto ko na nais ng Diyos na magkaroon ng mga tunay na anak na naging banal dahil sa pangangalaga ng sangkatauhan. Nalaman ko na dapat kong linisin ang puso ko. Ang ebanghelyo ng kabanalan ay ibinigay sa Punong Pastor bilang bunga ng walang patid na pananalangin at mga mahihirap na sakripisyo. Pinangregalo ko sa mga trabahador ko ang librong *Ang Mensahe ng Krus* sa kaarawan nila. Kung bibilangin, nakapagbigay na ako ng 100 libro.

Noong Hunyo 2016, kaiba ang pakiramdam ko, hindi normal. May dugo ang ihi ko. Pagkalipas ng isang linggo, mayroon ulit. Naalala ko ang Salita na nagsasabi na mula sa kasalanan ang mga karamdaman (Exodo 15:26), lubos kong pinagsisihan ang naging buhay ko.

Noong buwan ng Hulyo, nawala ang sintomas, nagpunta ako sa ospital para ipasuri ang bato, pantog, at daanan ng ihi, dahil baka may impeksyon. Mayroon akong impeksyon sa 'prostate gland' noon, pero wala na ngayon. Hallelujah! Marami na akong narinig na patotoo pero nang gumaling ako sa pamamagitan ng pananampalataya, mas nadama ko ang pag-ibig ng Diyos, lumago ang pananampalataya ko.

Nang magsimula ang buwan ng Oktubre, bumisita ako sa Manmin Central Church sa ika-34 anibersaryong pagdiriwang nila, kasama ko ang asawa ko. Napuno ako ng pag-asa na makararating sa Langit nang makita ko ang iglesyang may patunay na buhay ang Diyos at nang marinig ko ang mga patotoo ng mga miyembro tungkol sa mga tinanggap nila mula sa Diyos.

Lahat ng pagpapasalamat at kaluwalhatian ay para sa Diyos, taos-puso din akong nagpapasalamat kay Dr. Jaerock Lee. Nagpapasalamat din ako kay Rev. Heesun Lee, ang Pandaigdigang Tagapatnubay na Pastor na Manmin, at kay Pastor Byeongran Choi ng Tokyo Manmin Church.

## Mga Sangay ng Ministeryo ng Manmin sa Pilipinas

**Manila Manmin Holiness Church**
441 Patato St, J-Figueras Sampaloc, Manila, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
2-735-1423

**Bataan Manmin Holiness Church**
067 Daang Bago, Dinalupihan, Bataan, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
2-735-1423

**Isabela Manmin Holiness Church**
Purok 3, Brgy, San Roque, San Mateo, Isabela, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
2-735-1423

**Cavite Manmin Holiness Church**
5 Lot 33 Bk 1, Canutuhan (tenant), Santiago Gen.Trias, Cavite, Pilipinas
Pastor Sharon Cho
046-850-3193 / 0916-674-3903 / 0905-319-8191

**Imus Manmin Holiness Church**
Blue Bell St. Plaridel III Sub. Bayan Luma 7, Imus Cavite, Pilipinas
Pastor Jubeom Kim
0927-311-7633

**Cebu Manmin Holiness Church**
LOT N. 402 - B-4 Looc Along Side The Canjulao Road, Lapu-Lapu City, Cebu, Pilipinas
Pastor Rossetta Sung
0921-635-7595

**Davao Manmin Holiness Church**
301 Ilang Ilang St. Flores Village, Bangkal, Davao City, Pilipinas
Pastor Kathryn Kim
0908-635-2714